Ang Kahalagahan ng Panitikan

The Importance of Literature

Ang panitikan ay isang bagay na karamihan ng mga tao ay nakasalamuha. Ito ay isang napakalapad at kamangha-manghang paksa. Ang pag-aaral ng iba't ibang uri ng literatura ay nakapagpapalawak ng imahinasyon at nakapagpapabuti sa paraan ng pagbabasa at pagsusulat. Malaki ang kaugnayan ng pagbabasa sa pagsusulat dahil sa pagbabasa at pagsusulat nalilikha ang magagaling na manunulat. Lampas sa mga batayang benepisyo, and pag-aaral ng literatura ay nakatutulong upang maranasan na makita ang buong mundo.

Mayroong patuloy na pag-uusap tungkol sa mga ideya at halaga na nakatulong sa ating lipunan. Ang pag-uusap na ito ay naipapakita sa gawa ng literatura. Ang bawat gawa ng panitikan ay nagtatanghal ng moral sa mga magkakaibigang mata sa pamamagitan ng paraan ng iba't ibang pananaw. Sa kwentong "Ang Mangingisda," Ponciano B. P. Pineda ay mabisang nailahad ang tungkol sa mga maaaring kahihinatnan ng paghahangad ng tagumpay gamit ang masamang pamamaraan. Ipinakita ng may-akda na ang pagkakaroon ng mabuting ugali ay ang tamang daan patungo sa tagumpay.

Ang pagkamulat ng kamalayan sa pag-aaral ng panitikan ay nakabubuo sa paglikha ng sariling paniniwala, opinyon at pananaw ng isang tao. Ang mahuhusay na akda ay tumutulong para mapalawak ang karanasan ng isang tao. Sa isinulat ni Emilio Jacinto na "Ang Ningning at Ang Liwanag" ay mabisa niyang inilarawan kung paano nakikita ng tao ang katotohanan sa kahuwada; ang pagkahumaling ng tao sa panlabas na kagandahan kaysa panloob.

Salamin din ng literatura ang pagpapakita ng pagkakaiba at pagkakapareho ng pamumuhay ng mga tao sa iba't ibang lugar. Dahil binibigyan tayo nito ng kaalaman tungkol sa iba't ibang kultura, pinahuhusay din nito ang kakayahan natin upang makipag-usap sa iba. Sa kwentong "Isang Matandang Kuba Sa Gabi ng Caño" ay nagpapakita ng paniniwala ng isang tribo sa Pilipinas. Ang pag-alam sa iba't ibang paniniwalang ito ay makatutulong para maging bukas-isip tayo tungkol sa mga tao kung sino ang mga naiiba nang sa gayon nakapagpapakita ang isang tao ng kanyang paggalang sa mga paniniwalang ito. Daloy rin ng literatura ang pakikipag-isang damdamin sa iba at ang pagbibigay daan sa pag-unawa sa kung anuman ang kanilang nararamdaman sa isang sitwasyon o pangyayari. Ang katotohanan, ito ay mahabang tulay na nagdurugtong sa sangkatauhan.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000821765671 from CourseHero.com on 04-10-2021 22:29:09 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64445207/Ang-Kahalagahan-ng-Panitikan-searchdocx/

Pagpapahalaga sa mga lokal na panitikan

By Tomas U. Santos -August 1, 200205354

Share on Facebook Tweet on Twitter

Nasesentro lamang ang ating pag-aaral ng kasaysayan sa mga nasyonal na pangyayari. Ang mga lokal na nakaraan ay isinasantabi na lamang, marahil dahil likas na sa atin ang pagkasuklam sa ating kasaysayan. Kung susuriin, maaring ang isang estudyante ay bihasa sa kasaysayan ng Pilipinas subalit ignorante naman sa mismong kasaysayan ng kanyang pinaggalingan.

Ganito rin ang nangyayari sa ating lokal na panitikan. Naisasantabi natin ang mga lokal na kuwento, tula at sanaysay na maaring makatulong ng malaki sa kalinangan ng ating pambansang panitikan. Oo nga at puno ang mga libro natin ng mga epiko at kontribusyon ng mga iba't ibang lahi subalit sa mga kontemporaryong akda, mas pinipili pa natin na basahin ang mga gawa ng iba kaysa sa ating mga kanayon.

Sa mga Ilokano, may Bannawag. Sa mga Hiligaynon, may magasing pampanitikan din sila. Ang mga ito ay maituturing na kapatid ng magasing Liwayway, na siya marahil ang natitirang popular na imbakan ng kontemporyang panitikan. Subalit dahil ang mga ito ay masasabing negosyo, hindi rin natin maikakaila na bumabagsak na ang kalidad ng mga ito upang matugunan lamang ang panlasa ng mga mambabasa.

Sa aming probinsya sa Abra, may taunang Don Quintin Paredes Literary Award. Isa itong pagpupugay sa mga Abrenong manunulat ng Iloko, bilang parangal sa dating presidente ng senado. Subalit, aaminin kong ang lahat ng mga kalahok nito ay nagmistulang nakakatawa dahil ang mga kuwento ay puno ng mga papuri (at pasipsip) sa aming gobernador (dahil apo ito ng yumaong senador) o di naman kaya ay basta maiekstra lamang ito, na para bang kulang ang kuwento kung wala siya rito.

Dahil ang ating bansa ay nahahati sa mga iba't ibang grupo, mainam na linangin natin ang ating mga sariling anyo ng pagsusulat subalit hindi isasantabi ang pagpapayaman sa panitikan ng ating pambansang wika.

Tayo ay nagsasalita ng mga iba't ibang wika. Natural, iba-iba rin ang mga pananaw natin sa buhay. At ano pa ba ang mas mainam kung isulat natin ang mga naiiba nating mga pananaw sa wikang mas madaling makapagpaliwanag nito? Sa pagsusulat sa ating wikang pambansa, maipadama natin ang ating pangkalahatang kamalayan. Sa pagsusulat sa ating mga katutubong wika, maipadama natin ang ating mga likas na kaisipan.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000821765671 from CourseHero.com on 04-10-2021 22:29:09 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64445207/Ang-Kahalagahan-ng-Panitikan-searchdocx/

Ito rin ang nagiging problema ng pag-aaral sa pilosopiyang Pilipino. May mga pilosopong pilit na namimilosopo sa wikang Pilipino samantalang mas marami ang gumamit ng mga banyagang wika at konsepto. Isa ang nagsabi na kahit pa man legal na pambansang wika ang Pilipinas, kulang pa rin ito sa pagpapaliwanag ng pangkahalatang kamalayan.

Mainam at may programa ang Palanca Awards for Literature na nagbibigay-pansin sa mga manunulat ng mga lokal na wika. Subalit, ang mga pagkakakilala na dapat maibigay sa kanila ay malayo pa ring mararating. Maliban sa mga medalya na naigagawad sa mga ito ng mga iba't ibang grupo, hindi pa lubos na nabibigyan ng kahalagahan ang mga ito ng nakararaming mambabasa. Ang magbasa ng Bannawag o Liwayway ay kalimitang pinagtatawanan, na ang karamihang tumatawa ay mga taong kahit pinagbabasa lamang ng limang pahina ay nahihimatay na.

At dahil sa kakulangan ng pansin sa mga natatanging lokal na manunulat, nawawalan na rin ng gana ang mga ito na magsulat. Noong nagpunta ang aming klase sa Aklan, nakita ko ang batikang manunulat na Aklanon, si G. Roman de la Cruz, na lolo ng aking isang kaklase. Nagbigay ito ng kanyang mga libro sa amin at maniwala ako kung may isa sa amin ang may ganang magbasa ng mga ito. Naalala ko siya dahil may nabasa na akong mga kuwento niya. Kahit kabilang siya sa mga matatandang henerasyon ng mga manunulat, ang mga kuwento niya ay kakakitaan pa rin ng matunog na paghabi ng mga metapora at realismong hindi mo makikita sa mga binibiling magasin. Sayang nga lang at hindi ko siya nakausap. Marahil, isa siya sa mga nakalimutang lokal na manunulat na maaring mas malaki pa ang naiambag sa kabubuang pambansang panitikan.

* * *

Subalit bago tayo maglakbay sa mga pangarap na ito, matuto muna tayong magbasa …

Montage Vol. 6 • August 2002

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000821765671 from CourseHero.com on 04-10-2021 22:29:09 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64445207/Ang-Kahalagahan-ng-Panitikan-searchdocx/

Kahalagahan ng Panitikang Pilipino[baguhin] May kaakibat na kahalagan ang panitikan para sa mga Pilipino. Isa itong uri ng mahalagang panlunas na tumutulong sa mga tao upang makapagplano ng sari-sariling mga buhay, upang matugunan ang kanilang mga suliranin, at upang maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging makatao. Maaaring mawala o maubos ang mga kayamanan ng isang tao, at maging ang kanyang pagiging makabayan, subalit hindi ang panitikan. Isang halimbawa nito ang pangdadayuhan ng ibang mga Pilipino. Bagaman nilisan nila ang kanilang bayang sinilangan, ang panitikan ang kanilang tulay sa naiwan nilang bansa.[4] Sa panlipunan, pambansa, at pandaigdigang kaukulan, isa ang panitikan sa pinagbabatayan ng pagkakaroon ng tagumpay at kabiguan ng isang bansa at ng ugnayan ng mga bansa

Kaugnayan sa kasaysayan[baguhin] Malaki ang kontribusyon ng Panitikan sa Kasaysayan dahil dito natin makikita kung ano ang buhay ng mga tao noon. Sa pamamagitan ng mga tula, Nobela, Kantahin, o talumpati nalalaman kung ano ang obserbasyon ng mga may-akda sa kanilang paligid at sa kanilang mga buhay. Ang panitikan din ay nagsisilbing patunay sa mga pangyayari sa nakaraan. Tulad ng mga sulatin ni Jose Rizal na nagpapatunay sa kalupitan na sinapit ng mga Pilipino noong panahon ngkastila. Isang tradisyonal o nakaugaliang paraan sa pagbasa at pagpapaliwanag ang mga tekstong pampanitikan. Isa itong metodong nagpapakita ng mga bagay, karanasan, at puwersang pangkasaysayan na nagbigay ng impluwensiya tungo sa paggawa, pagsulat, paghubog, at pagunlad ng panitikan. PANIMULA:

Ang mga tao noong unang panahon ay lumikha ng mga kagamitan para sa pagbilang at pagsulat upang matulungan sila sa pagkalkula at makapagproseso ng datos. Subalit, ang mga kgamitamg ito ay hindi sapat upang makatulong sa kanila na makabilang at makasulat ng tamang-tama. Kaya't sila ay patuloy na naghanap ng lalong mabuti, mabilis at higit na wastong paraan sa paggawa ng kompyutasyon. Isa sa pinakamalaking likha ng tao ay kompyuter. Ang kompyuter ang nagpakita ng katibayan at impluwensya sa lahat ng aspeto sa makabagong lipunan. Hindi maikakaila na ang kompyuter ang nakapagpabago ng pag-iisip ng bawat tao. Ang kompyuter ay napakahalaga sa larangan ng kalakalan at ito ay may pangunahing ginagampanan sa ating kasalukuyang lipunan. Ang mga mananaliksik ay binigyang pansin ang kanilang pag-aaral ng panitikang Filipino. Sa panimula ng edukasyon sa Pilipinas, ang Panitikan ay laging nakasama sa kurikulum ng paaralan. Bagamat ang empasis sa pampanitikan karanasan ng mga kabataan sa paaralan

ay nagbababago sa bawat panahon, ang pangunahing gawain sa panitikan ay mahalagang sangkap sa edukasyon na mananatili. Mayroong panlunas na kahalagahan ang panitikan na nararapat na kilalanin. Ang panitikan ang nagbibigay ng madamdaming emosyon sa pagbasa sa panulat ng ibang tao. Maraming tao ang nagagawang maiplano ang sarili para makatanggap ng tulong para sa kanilang problema. Narito sila upang maunawaan ang makataong kalikasan para matulungan ang problema na hindi naman naiiba. Maaaring mawala ang mga yamang materyal at ang pagiging makabayan, subalit hindi ang panitikan. Ito ang isa sa likas na tumutulong sa tagumpay ng isang bansa at bawat bansa sa buong mundo. Ang mga mananaliksik ay nagpasya na gumawa ng "interactive" na kaparaanan sa iba'tibang panitikang Filipino sa pamamagitan ng paggamit ng internet. Ang pag-aaral nito ay naglalayon na makilala ng gumagamit ng iba't ibang panitikang Filipino kabilang ang mga parabula, bugtong, dula, salawikain, pabula, alamat, sanaysay, maikling kwento, atbp. Ang mga mananaliksik ang nagbibigay sa gumagamit ng madaling

This study source was downloaded by 100000821765671 from CourseHero.com on 04-10-2021 22:29:09 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64445207/Ang-Kahalagahan-ng-Panitikan-searchdocx/

paraan at makakuha ng impormasyon sa paggamit ng internet. Ang makabagong teknolohiya ang nanguna at higit na nakaimpluwensya sa buhay ng mga tao ngayon. Ang pagkokompyuter ng maraming gawain ay naging pangangailangan sa halos lahat ng larangan sa buong mundo para maabot ang mga kailangan ng mabilis sa paglago ng ating lipunan. Sa pamamagitan ng "World Wide Web", na kinikilala na pinanggagalingan ng impormasyon sa pangaraw-araw na makabagong lipunan. Matututklasan mo ang kahit na anong bagay sa buong mundo. Kaya, ang mga mananaliksik ay gumamit ng "Internetbased System" para sa mga taong interesadong higit na matutunan ang panitikang Filipino.

This study resource was shared via CourseHero.com

This study source was downloaded by 100000821765671 from CourseHero.com on 04-10-2021 22:29:09 GMT -05:00

https://www.coursehero.com/file/64445207/Ang-Kahalagahan-ng-Panitikan-searchdocx/